Republic of the Philippines
Department of Education
REGION III – CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OF SCIENCE CITY OF MUÑOZ

Hulyo 26 2024

**PANSANGAY MEMORANDUM**
Blg. 251, serye 2024

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024**

Para sa: Katuwang na Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro sa Elementary at Sekondarya
mula sa Pampubliko at Pampribadong Paaralan
Iba pang Kinauukulan

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, ang Lungsod Agham ng Muñoz ay naghanay ng mga mungkahing gawain upang higit na mapahalagahan ang Wikang Filipino bilang pambansang wika at masunod ang layunin ng pagdiriwang na ilaan ang buwan ng Agosto bilang lunsaran ng pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at wika.

2. Ipinatupad ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ang Kapasyahan ng Kapulungan Blg. 8-02, Serye 2024 na ang tema sa taong ito ay "**Filipino Wikang Mapagpalaya**". Ipagdiriwang ngayong darating na Agosto 2024 ang Buwan ng Wika sa lahat ng antas ng paaralan sa buong Pilipinas, mapa-elementarya at sekondarya.

3. Bawat linggo ng Agosto 2024 ay may tema ukol sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika:
   a. Agosto 1-3, 2024: "Filipino Sign Language (FSL) tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran"
   b. Agosto 5-10, 2024: "Sistematiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran"
   c. Agosto 12-17, 2024: "Paggamit ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP) sa Scientific Research"
   d. Agosto 19-23, 2024: "Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa"
   e. Agosto 26-31, 2024: "Paglaban sa Misinformation (*fact checking*)"

4. Nilalayon ng pagdiriwang na ito ang sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasayon Blg. 1041;
   b. maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiiasa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas; at

e. maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

5. Upang maisakatuparan ang tema at layunin ng gawaing ito, ang lahat ng pampubliko at pampribadong paaralan sa elementarya at sekondarya maging ang Pansangay na Tanggapan ay hinihiling na gamitin ang opisyal na poster/logo ng Buwan ng Wikang Pambasa 2024 na makikita sa tanggapan/ paaralan at SDO/school facebook page (lakip Blg. 1).

6. Kaugnay ng pagdiriwang na ito ay ang pagsasakatuparan ng inisyatibong proyekto ng dibisyon na may pamagat na "**W**asto at **I**nklusibong **Ka**sanayan Pagyaman**in"** o **WIKain** Natin. Nilalayon ng proyektong ito na maiangat ang pagpapahalaga at kamalayan ng bawat mag-aaral ng DepEd Lungsod Agham ng Muñoz ukol sa wika at kasanayan nito sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

7. Ang mga paaralan ay inaasahang magsasagawa ng mga gawain na naaayon sa preperensya ng nasasakupan. Malaya rin ang mga paaralan na magsagawa ng karagdagang gawain na naaayon sa tema ng bawat linggo bukod sa mga mungkahing gawain sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa (lakip Blg.2).

8. Inaasahan na ang bawat paaralan ay makapagpasa ng naratibong ulat sa isinagawang pagdiriwang sa ika -6 ng Setyembre 2024.

9. Para sa mga katanungan at klaripiksyon, mangyaring makipag-ugnayan kay Gng. Mary Queen P. Orpilla, EPS-Filipino sa pamamagitan ng kanyang messenger o numero ng telepono 09178729349.

10. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**JOHANNA N. GERVACIO PhD, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Encl: None
Reference: Memorandum Sirkular Blg 2024-017
To be indicated in the Perpetual Index
Under the following subjects:

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA

*CID/ MQPO- Buwan ng Wika*
*5/July 26, 2024*

*Kalakip Bilang 1 sa Pansangay Memorandum Bilang ______, s.2024*

Opisyal na Poster/Logo ng Buwan ng Wikang Pambasa 2024




https://drive.google.com/drive/folders/14bG0X8gplOenzRy49IVjCauH0up8F2FX?usp=sharing

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION III – CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OF SCIENCE CITY OF MUÑOZ

*Kalakip Bilang 2 sa Pansangay Memorandum Bilang ______, s.2024*

**MUNGKAHING GAWAIN SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

<table>
<tr><th>PETSA</th><th>GAWAIN</th><th>MEKANIKS</th></tr>
<tr><td>Agosto 1-30, 2024</td><td>Adbokasiya at Pagpapaigting</td><td>Paglalagay ng mga poster/tarpaulin sa mga paaralan at pag-upload ng poster o logo ng Buwan ng Wikang Pambansa sa school facebook page.</td></tr>
<tr><td>Agosto 19-23, 2024</td><td>Pagsasagawa ng pansilid-aralan/pampaaralang gawain</td><td>Patnubay sa Patimpalak</td></tr>
<tr><td colspan="2">A.Muling Pagkukwento<br>(Ikatlo- Ikaapat na Baitang)
<table>
<tr><th>Mga Pamantayan</th><th>Bahagdan</th></tr>
<tr><td>Kaalaman/Komprehensiyon sa Kuwento<br>• Naisasalaysay muli nang tumpak sa mahahalagang detalye at elemento ng kuwentong binasa<br>• Naisasalaysay muli ang kuwentong binasa ayon sa tamang pagkasunod-sunod ng mahahalagang detalye at pangyayari</td><td>50%</td></tr>
<tr><td>Paggamit ng Tinig<br>(Tamang Tono, Tatas at Ekspresyon sa Pagsasalaysay)<br>• Naisasalaysay muli ang kuwento nang may wastong paggamit ng salita at tamang lakas sa pandinig ng mga manonood<br>• Naipapamalas ang wastong diin, intonasyon, at pagbigkas</td><td>30%</td></tr>
<tr><td>Pagganap sa Entablado</td><td>20%</td></tr>
<tr><td>• Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na postura/pagganap, ekspresyon ng mukha, at kilos/galaw<br>• Nakapagtatanghal sa itinakdang oras</td><td></td></tr>
<tr><td>KABUOAN</td><td>100%</td></tr>
</table>
</td><td>a. Ang Muling Pagkukwento ay bukas sa lahat ng mag-aaral mula sa ikatlo hanggang ikaapat na baitang.<br>b. Ipagkakaloob ang isang limbag na kopya ng kuwento, panulat, at papel sa mga kalahok sa mismong panahon ng pagganap.<br>c. Ang mga ito ay dapat makuha mula sa kanila bago ang kanilang aktuwal na pagganap.<br>d. Sa exhibition venue, pagkakalooban ng dalawampu't limang (25) minuto ang mga kalahok para sa tahimik na pagbasa at pag-unawa ng kuwento. Maaaring gumamit ng panulat at papel upang maiayos ang mga naiisip na gagawing pagganap.<br>e.Pagkatapos nito, muling isasalaysay ang nabasang kuwento gamit ang sariling mga salita na hindi lalampas ng limang (5) minuto.</td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>f.Hindi na maaaring muling basahin ng kalalok ang kuwento sa oras ng pagganap o pagtatanghal.<br>g. Hindi pahihintulutan sa loob ng exbition venue ang paggamit ng cellphone o anumang gadget at pagdadala ng mga sanggunian o handout, ang kopya ng anumang kuwento, costume, props, musical instrument o iba pang katulad.</td>
</tr>
<tr>
<td>
B.Interpretatibong Pagbasa<br>(Ikalima at Ikaanim na Baitang)
<table>
<tr><th>Mga Pamantayan</th><th>Bahagdan</th></tr>
<tr><td>Pasalitang Pagbibigay Interpretasyon<br>• Napararating ang mensahe/tema, emosyon, damdamin, karakter, at iba pang kaugnay na elemento sa pamamagitan nang malakas at wastong pagbasa ng kuwento<br>• Nakapagtatanghal nang makatotohanan at malikhain</td><td>50%</td></tr>
<tr><td>Paggamit ng Tinig<br>• Nakapagpapahayag nang malinaw, natatangi at may angkop na paiba-ibang pagtigil, tinis, at modulasyon ng tono.<br>• Nabibigkas nang may tamang lakas para marinig ng mga manonood</td><td>30%</td></tr>
<tr><td>Pagganap sa Entablado</td><td>20%</td></tr>
<tr><td>• Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na postura/pagganap, ekspresyon ng mukha, at kilos/galaw<br>• Nakapagtatanghal sa itinakdang oras</td><td></td></tr>
<tr><td>KABUOAN</td><td>100%</td></tr>
</table>
</td>
<td>a. Ang Interpretatibong Pagbasa ay bukas sa lahat ng mag-aaral mula sa ikalima hanggang sa ikaanim na baitang.<br>b. Ipagkakaloob ang isang limbag na kopya isang kuwento sa Filipino sa mismong panahon ng pagganap. Ang mga ito ay dapat makuha mula sa kanila bago ang kanilang aktuwal na pagganap<br>c. Sa exhibition venue, pagkakalooban ng labinlimang (15) minuto ang mga kalahok para sa pagbasa at pag-unawa sa kuwento. Pagkatapos nito ang pagganap, babasahin ang kuwento nang may tamang lakas, malikhain, makatotohanan at may damdamin na hindi lalampas ng limang (5) minuto.<br>d. Hindi pahihintulutan sa loob ng exhibition venue ang paggamit ng cellphone o anumang gadget at pagdadala ng mga sanggunian o</td>
</tr>
</table>

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION III – CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OF SCIENCE CITY OF MUÑOZ

| | |
|---|---|
| | handout, ang kopya ng anumang kuwento, costume, props, musical instrument o iba pang katulad. |

**C.Sulat-Bigkas ng Talumpati**
**(Ikapito-Ikalabindalawang Baitang)**

| Krayterya | Bahagdan |
|---|---|
| **Organisasyon at Kaugnayan**<br>• Nakabubuo ng talumpati na may tamang ikli/haba, lohikal, may pagkakaugnay ang mga ideta at ayon sa ibinigay na paksa o tema<br>• Naipahahayag ang talumpati sa isang pormal, marangal, nakakawiwili o mapanghikayat na paraan<br>• Nakagagamit ng mga salita na kumakatawan sa sariling kaisipan, damdamin, at pagpapahayag | 50% |
| **Paggamit ng Tinig**<br>• Nakapagpapahayag nang malinaw, natatangi at may angkop na paiba-ibang pagtigil, tinis, at modulasyon ng tono.<br>• Nabibigkas nang may tamang lakas para marinig ng mga manonood | 30% |
| **Pagganap sa Entablado**<br>• Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na postura/pagganap, ekspresyon ng mukha, at kilos/galaw<br>• Nakapagtatanghal sa itinakdang oras | 20% |
| **KABUOAN** | **100%** |

a.Ang Sulat-Bigkas Talumpati ay bukas sa lahat ng mag-aaral mula sa ikapito hanggang sa Ikalabindalwang baitang.
b. Ipagkakaloob ang panulat at papel sa mismong panahon ng pagganap.
c. Ito ay kukunin mula sa kanila pagkatapos ng kanilang aktuwal na pagganap.
d. Ang mga kalahok ay hindi pinahihintulutang magdala ng kopya ng anumang talumpati, kasuotan, props, o instrumentong pangmusika/ saliw para sa pagtatanghal.
e. Ang pagbunot ng mga kalahok para sa kanilang numero ng pagkakakilanlan sa pagganap ay dapat isagawa tatlumpung (30) minuto bago magsimula ang pagganap.
f. Sa exhibition venue, pagkakalooban ang mga kalahok ng paksa o tema para sa kanilang talumpati. Bibigyan sila ng limampung (50) minuto para isulat sa isang papel ang kanilang maikling talumpati batay sa ibinigay na paksa o tema. Pagkatapos, kukunin ang mga naisulat na talumpati mula sa mga kalahok.

Address: Brgy. Rizal, Science City of Muñoz, 3119
Telephone No.: (044) 806 -2192; Email Address: munozscience.city@deped.gov.ph

| | | |
|---|---|---|
| | | Hindi papayagang muling isulat o baguhin ang kanilang talumpati<br>Para bigyan ng panahon sa paghahanda ang mga kalahok bago ang pagbigkas, ibabalik sa kanila ang kopya ng kanilang naisulat na talumpati mula limang (5) minuto bago ang kanilang pagtatalumpati.<br>g. Tatawagin ang mga kalahok para sa pagbigkas ng kanilang talumpati nang hindi lalampas sa limang (5) minuto.<br>h. Hindi pahihintulutan sa loob ng exhibition venue ang peggamit ng cellphone o anumang gadget at pagdadala ng mga sanggunian o handout, ang kopya ng anumang kuwento, costume, props, musical instrument o iba pang katulad. |
| | *D. Magsagawa ng iba pang patimpalak na naayon sa tema at akma sa gulang at baitang ng mga mag-aaral.* | |
| Agosto 30, 2024 | **Pampinid na Palatuntunan ng mga Paaralan** | Pagsasagawa ng maikling palatuntunan at paggawad ng sertipiko ng pagkilala sa mga nagwagi sa patimpalak |